Kailangan mo ba ng tulong upang maintindihan ang business.gov.au sa iyong wika?

Kung hindi mo makita ang impormasyong hinahanap mo sa iyong wika, makatutulong ang mga sumusunod na link na makontak ang serbisyong kailangan mo:

- Translating and Interpreting Service (TIS) National from the Department of Immigration and Citizenship (DIAC).

  Ang Pambansang TIS ay may mga interpreter sa telepono 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at maaaring matawagan saan mang lugar sa Australia sa halaga ng isang lokal na tawag sa 13 14 50.

- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters (NAATI)

  Ang NAATI ay may Direktoryo ng Akreditadong mga Praktisyoner sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete. Maaari mong tingnan ang Directory online, o maaari kang tumawag nang direkta sa NAATI sa kanilang hotline, 1300 557 470 (sa loob ng Australia) para sa tulong sa paghanap ng isang akreditadong praktisyoner.

- Yellow Pages

  Ang mga tagapagsaling-wika at interpreter ay maaaring matagpuan sa Yellow Pages sa ilalim ng seksyong "Interpreters" at/o "Translators".

- Centrelink publications in 60 languages

  Ang Centrelink ay may mga pagsasaling-wika ng maraming mga publikasyong online sa mahigit sa 60 wika. Saklaw ng mga publikasyon ang impormasyon para sa bagong dating na mga migrante, part-time at casual na mga manggagawa at mga kasunduang ukol sa social security sa pagitan ang Australia at ibat ibang bansa.

- Department of Immigration and Citizenship (DIAC)

  Ang DIAC ay may mga pahina sa web na isinalin sa 23 magkakaibang wika na may pagpapayo para sa mga bagong dating at mga taong interesadong makakuha ng mga visa.

- Australian Apprenticeships

  Ang mga polyeto ng Australian Apprenticeships ay maaaring makuha sa ilang mga wika, kabilang ang Macedonian, Indones, Arabik, Tsino, Griyego, Italyano, Koreano, Kastila, Biyetnames at Cambodian.

- Tax Office publications

  Ang Tanggapan ng Buwis ay may mga publikasyong online sa mga dayuhang wika kung paano mag-aplay para sa iyong ABN at iba pang impormasyong pambuwis. Ang mga bersyon ay maaaring makuha sa mga wikang Arabik, Tsino, Croatian, Farsi, Griyego, Italyano, Hapones, Koreano, Macedonian, Ruso, Serbian, Kastila, Turko at Biyetnames.